**Posisyong Papel ng Pangkat 4 ng 11C sa Filipino sa Piling Larang**
**Hinggil sa Pag-usog ng mga Klaseng Harap-harapan**
**sa Sacred Heart Academy of Pasig sa Disyembre**

**IPALUNSAD ANG MGA KLASENG HARAP-HARAPAN SA SACRED HEART ACADEMY OF PASIG SA NOBYEMBRE: PAGAANIN ANG PERWISYO SA MGA GURO, LINANGIN ANG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL, AT IBALIK ANG KAISAHAN NG PAARALAN.**

Maraming mag-aaral ng Sacred Heart Academy of Pasig ang nabigo nang kanilang mabatid sa sulatronikong inilathala noong ika-20 ng Oktubre 2022 na pinamagatang "Letter to the SHAP Community" na mauusog ang pagpapatupad ng mga klaseng harap-harapan sa ika-2 ng Disyembre 2022 mula sa inasahang petsa ng ika-7 ng Nobyembre. Matagal nang inakala hindi lamang ng mga estudyante, kundi pati rin ng mga guro, na makapapasok na ang lahat ng estudyante sa paaralan pagkatapos ng Undas. Bagaman nakadaralo na sa paaralan ang mga estudyante ng SHAP mula Lunes hanggang Miyerkules o tuwing Huwebes at Biyernes sa isang linggo depende sa kanilang iskedyul bilang pag-iimplementa ng modalidad na HyFlex, hindi pa rin ganap na napupunan nito ang mga puwang na nalikha ng dalawang taon ng pandemya, kompinamyento, at pag-aaral sa linya. Mayroon ding mga nagsasabing maaaring magdulot ng malawakang hawaan ng COVID-19 ang pagsulong ng harap-harapang klase. Gayun man ang kanilang pananaw, napakababa ng naging bilang ng mga impeksyong naitala sa SHAP sa pag-iimplementa ng sistemang HyFlex sapagkat nasusubaybayan naman ang mga umuusbong na kaso at nabubukod ang mga may sakit mula sa mga wala.

Makatutulong ang implementasyon ng harap-harapang klase sa iba't ibang paraan. Kabilang na rito ang pagpapagaan ng perwisyo sa mga guro. Ayon sa artikulo ng AllSteel na pinamagatang "The Challenges of Hyflex Learning", nagiging hamon para sa mga guro ang pag-aasikaso sa mga mag-aaral na nasa linya dahil nahihirapan ang mga gurong panatilihin ang interes ng mga estudyante sa bahay at maghanap ng mga paraang makahihinto sa kanila mula sa pagtakas sa talakayan. Higit pa rito, idinagdag ng naturang artikulo na nakadaragdag sa kargadang trabaho ng mga guro ang pag-iimplementa ng sistemang HyFlex sapagkat napipilitan ang mga gurong siguruhing hindi nahuhuli ang mga mag-aaral habang hindi nabibigatan ang mga estudyante sa estres. Sa kaso ng SHAP, napalalala ang sitwasyon ng mga guro sa pamamaraang HyFlex dulot ng intermitenteng koneksyon sa internet na nakaaabala sa pagkatuto ng mga estudyante, atensiyon ng mga guro, at masinop na daloy ng talakayan.

Isa pa sa mga benepisyo ng pagbabalik ng harap-harapang klase ang paglilinang sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon sa artikulo ng MyPath Education na pinamagatang "6 Benefits of Face-to-Face Learning", nakatutulong ang harap-harapang modalidad ng pag-aaral sa paghubog ng kakayahang makitungo sa iba, makipag-ugnayan nang direkta, magsantabi ng mga

gambala, matuto nang sama-sama, mag-isip nang kritikal at maisabuhay ang mga balor ng responsibilidad at pananagutan. Dito pa lamang ay masasabi nang maraming naiaambag ang pagpasok nang harap-harapan sa pagpapalawak ng kabatiran at pagpapalago ng mga kakayahan ng mga mag-aaral. Kung patuloy na mauusog ang panahon para sa kompletong harap-harapang klase, higit lamang na matatagalan ang paglutas sa mga balakid na nailatag ng dalawang taon ng pagkakahiwalay.

Magiging kapani-pakinabang din ang paglulunsad ng harap-harapang klase upang maibalik ang kaisahan ng paaralan. Ayon sa Artikulo 1, Seksyon C sa Pangkalahatang mga Tuntunin at Regulasyon sa pahina tatlumpu't dalawa (32) sa Manwal ng mga Mag-aaral ng SHAP, kinakailangan ang mga mag-aaral na maging nasa paaralan araw-araw mula Lunes hanggang Biyernes, para sa mga pahabol na klase tuwing Sabado, at para sa mga okasyon o pagdiriwang kung kailan inaasahan ang pagdalo. Sa higit na pagsusuri sa naturang pahayag, mapapansing ang harap-harapang pagpasok sa paaralan ay hindi lamang karapatan ng mga estudyante, ngunit kanila ring obligasyon. Dahil sa mahigit dalawang taon ng kompinamyento, naantala ang daloy ng mga selebrasyon sa SHAP tulad na lamang ng Gabing Hayskul, mga Intramurals, Araw ng Pamilya, at marami pang ibang nagbubuklod-buklod sa mga Sacredian. Kung ipalalaganap na sa lalong madaling panahon ang mga klaseng harap-harapan, muli nang maibabalik ang diwa ng paaralan sapagkat mawawala na ang artipisyal na pagkakahati ng pangkat A at pangkat B sa sistemang HyFlex.

Bilang pagtatapos, sa paglulunsad ng mga klaseng harap-harapan sa Sacred Heart Academy of Pasig sa Nobyembre, mapagagaan ang perwisyo sa mga guro, malilinang ang kasanayan ng mga mag-aaral at maibabalik ang kaisahan ng paaralan. Ang pagpasok sa SHAP nang harap-harapan ay hindi lamang karapatan, ngunit obligasyon din ng mga mag-aaral. Bilang karagdagan, ang pag-iimplementa ng mga klaseng harap-harapan ay maaaring ipatupad batay sa ating kasulukuyang sitwasyon sapagkat napakababa ng bilang ng mga impeksyong naitala sa paaralan. Ang mga aksyon na kinakailangang gawin upang maipatupad ang paglulunsad ng mga klaseng harap-harapan ay ang mga sumusunod: Una, tanungin ang mga tao sa Sacred Heart Academy of Pasig ng kanilang pananaw sa pagpapalawig ng mga klase sa HyFlex sa pamamagitan ng isang talatanungan upang makakalap ng iba't ibang opinyon mula sa mga tao, lalo na sa mga estudyante at guro. Pangalawa, gumawa ng "survey test" at ipakita ito sa Punong guro o sa mga nakatataas bilang bahagi ng panukala, kasama ang mga karapatan at obligasyon ng mga mag-aaral, at iba pang mga dahilan upang mahikayat ang administrasyon ng paaralan. Panghuli, subukan muna ang kompletong mga klaseng harap-harapan sa mga *Senior High School* na mag-aaral bilang isang hakbang upang mabatid kung talaga bang hindi na tataas ang mga kaso ng COVID-19.

Sanggunian:

Education, MyPath. "6 Benefits of Face-To-Face Learning." *MyPath Education*, 13 Apr. 2022, mypatheducation.edu.au/health-and-aged-care-courses/6-benefits-of-face-to-face-learning.

Allsteel. "The Challenges of HyFlex Learning." *The Challenges of HyFlex Learning*, 2022, www.allsteeloffice.com/insights/blog/challenges-hyflex-learning.

SHAP. "Sacred Heart Academy of Pasig Students Handbook 2022-2023." *Sacred Heart Academy of Pasig*, 2022nd ed., Pasig, Metro Manila, 2022, p. 32. shap.edu.ph.